

SEGURIDAD SA TAHANAN AT KALIGTASAN SA SUNOG

Fact Sheet 22 – Community Risk Management. Revised 28/09/2004-Filipino

- NSW FIRE BRIGADES
- NSW RURAL FIRE SERVICE
- ACT FIRE BRIGADE
- ACT RURAL FIRE SERVICE

KATOTOHANAN

Bawat taon sa NSW ang ilang mga naninirahan ay dumaranas ng mga problema sa pagtakas mula sa mga sunog sa loob ng kanilang tahanan dahil sa mga pamamaraang pangseguridad at maaari pang mamatay bilang resulta ng pagkaantala. Inirerekomenda namin ang pagkabalanse sa pagitan ng seguridad sa tahanan at kaligtasan sa tahanan. Mahalaga na magkaroon ng seguridad upang maiwasan ang mga taong pumapasok nang walang pahintulot, ngunit sa kaso ng sunog, mahalaga din na hindi kayo makulong o ang inyong pamilya.

Anuman ang piliin ninyong antas ng seguridad para sa inyong tahanan inirerekomenda namin na kayo ay magkaroon ng karagdagang pag-iingat kapag nagtatasa ng antas ng panganib mula sa mga taong pumapasok nang walang pahintulot upang sa gayon ito ay magbigay din ng nakaplanong ligtas na paraan ng pagtakas para sa inyong pamilya kung sakaling magkaroon ng sunog.

Kabilang sa mga pamamaraan ng seguridad na maaaring makaapekto sa inyong pagtakas mula sa isang sunog ang mga sumusunod:

- Mga deadlock at / o maraming mga kandado sa panlabas na mga pintuan
- Mga security grill at mga rehas sa mga bintana o mga pintuang may security screen
- Mga de-susing kandado o mga roller shutter sa mga bintana

Mga pamamaraan ng kaligtasan sa sunog na DAPAT kabilang sa inyong tahanan:

- Ang bawat bahay o unit ay dapat magkaroon ng sapat na bilang ng inaprubahang (AS3786) mga gumagananang alarma para usok na regular na sinusuri
- Dapat magkaroon ng mga alarma para sa usok sa bawat palapag ng inyong tahanan
- Alamin ang dalawang paaran ng paglabas sa bawat kuwarto – tandaan, mahalaga ang bawat segundo
- Iguhit ang plano ng pagtakas sa papel at talakayin at pagsanayan ang plano kasama ang inyong pamilya
- Tiyakin na ang bawa't bintana at pintuan ay madaling mabuksan kung kinakailangan
- Tiyakin na ang lahat ng mga susi sa mga nakakandadong pintuan ay madaling makuha
- Ang pagkakaroon ng pisikal na kapansanan o pagiging mahina dahil sa katandaan ay maaaring makaapekto nang husto sa inyong kakayahang makaligtas kung sadyang nakalulungkot na nakulong sa isang sunog sa tahanan

Ano pa ang dapat ninyong gawin upang maging ligtas ang inyong tahanan mula sa sunog?

- Ang mga malalalim ang tulog katulad ng mga bata o iyong mga apektado ng alkohol o bawal na mga gamot ay maaaring di magising sa tunog ng alarma. Tiyakin na ang maaaring mangyaring bagay na ito ay sakop ng inyong plano ng pagtakas sa tahanan.
- Sumangguni sa iba pang mga Fact Sheet para sa karagdagang impormasyon kaugnay ng kaligtasan sa sunog

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON KONTAKIN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BUMBERO O SENTRONG TAGAMAHALA NG SUNOG

o bisitahin ang website na: www.fire.nsw.gov.au www.rfs.nsw.gov.au o www.esa.act.gov.au

MGA PAYONG PANGKALIGTASAN SA SUNOG

- Tandaan na ang usok mula sa isang sunog ay makakalito sa inyo at na hindi kayo makakakita sa usok
- Kung kayo ay nakatakas mula sa isang sunog sa tahanan, tandaan na kapag kayo ay nakalabas manatiling nasa labas at tumawag sa 000
- Hayaang masanay ang inyong mga anak sa plano ng pagtakas sa sunog at magpraktis bago gumawa ng pagsasanay sa pagtakas sa isang sunog
- Kung ang isang miyembro ng pamilya ay may mga problema sa pandinig o pagkilos tiyakin na ito ay maisaalang-alang at kung kinakailangan maglaan ng taong tutulong sa kanila upang makatakas
- Ang kaligtasan sa sunog sa tahanan ay mahalaga para sa buong pamilya at maiiwasan ng paghahanda ang malakina sakuna.

SA ISANG KAGIPITAN TAWAGAN ANG 000